3

# Gawaing Pampagkatuto sa Filipino

Kuwarter 2

Linggo 8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 3**
**Kuwarter 2: Linggo 8**

Ang materyal na ito ay inilaan upang gabayan ang mga guro sa pagtuturo at suportahan ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pagpapatupad ng MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong magsilbing batayan sa epektibong paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto na inaasahan sa bawat aralin.

Ang Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa pakikipagtulungan sa Filipinas Copyright Licensing Society, Inc. (FILCOLS), ay nagsisigurong alinsunod sa Republic Act No. 8047 ang pagbuo at paglilisensya ng mga kagamitang pampagkatuto para sa mga pampublikong paaralan. Ang FILCOLS, bilang opisyal na kinikilalang kolektibong organisasyong namamahala sa karapatang-ari para sa sektor ng teksto at larawan, ay nangangasiwa, naglilisensya, at nagpapatupad ng mga karapatan sa pagpaparami ng mga akda sa ngalan ng mga may-akda, tagapaglathala, at iba pang may hawak ng karapatang-ari.

Sa ilalim ng isang hindi eksklusibong kasunduan sa paglilisensya, ang FILCOLS ay nagkakaloob ng pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon na muling gamitin ang mga may copyright na akda sa pagbuo ng mga kagamitang pampagkatuto, na may kaukulang maliit na bayad. Napakahalaga ng pakikipagtulungang ito upang matiyak ang patuloy na akses ng mga mag-aaral sa mga kagamitan para sa pagkatuto, lalo na sa mga pagkakataong may pagkasira o pagkawala ng mga aklat dahil sa mga sakuna.

Tanging ang mga institusyon at entidad na may kasunduan sa FILCOLS ang may pahintulot na magparami ng mga materyal na ito. Ang sinumang hindi awtorisadong partido ay kailangang humingi ng direktang pahintulot mula sa mga may hawak ng karapatang-ari. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang www.filcols.org o magpadala ng email sa filcols@gmail.com.

Walang bahagi ng materyal na ito, kabilang ang orihinal at hiniram nitong nilalaman, ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang pasulat na pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

Sinikap na matiyak ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos-pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development at RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project, pati na rin sa UNICEF, para sa kanilang suporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng mga kagamitang pangpagkatuto para sa MATATAG Kurikulum.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sonny M. Angara
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Armelyn N. Barrera
**Tagasuri:** Jennifer Dela Pena
**Tagaguhit:** Eric de Guia
**Tagalapat:** Rogelio D. Arcelon Jr.

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

**Department of Education – Bureau of Learning Resources (DepEd- BLR)**
Office Address: Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 8634-1054; 8634-1072; 8631-4985
Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph; blr.lrpd@deped.gov.ph

# KAGAMITANG PAMPAGKATUTO

# UNANG ARAW

## Babala

**Mga Dapat Tandaan sa Ligtas na Paglalaro sa Paligid ng Paaralan**

Huwag tumakbo sa basang palapag – Ang madulas na sahig ay maaaring maging sanhi ng pagkadapa at pagkasugat. Laging maglakad nang maingat, lalo na kung umuulan o may tubig sa daanan.

Gayundin, iwasang maglaro malapit sa kalsada – Maraming sasakyan ang mabilis na dumaraan, kaya delikadong maglaro sa lansangan. Palaging manatili sa loob ng bakuran ng paaralan o sa ligtas na lugar para sa paglalaro.

Bukod dito, huwag ding akyatin ang matataas na bakod o puno – Ang pag-akyat sa mataas na lugar ay maaaring magdulot ng aksidente tulad ng pagkahulog. Mas mabuting maglaro sa lupa upang maiwasan ang panganib.

Gamitin din nang tama ang mga laruan at palaruan – Huwag itulak o hilahin ang kaklase habang nasa swing o slide. Sumunod sa tamang paraan ng paggamit ng mga laruan upang maiwasan ang pinsala.

Sa huli, huwag makipag-usap o sumama sa hindi kilalang tao – Kapag may lumapit na hindi kilala, agad na ipagbigay-alam sa guro o magulang. Laging manatili kasama ang mga kaibigan o kaklase sa loob ng paaralan.

Paalala: Ang pagsunod sa mga babalang ito ay makatutulong sa iyong kaligtasan at sa kaligtasan ng iyong mga kaklase. Laging mag-ingat at maging responsable sa iyong mga kilos!

**I. Panuto:** Basahin ang mga pangungusap. Ilagay sa kahon ang kasingkahulugan ng mga salitang initiman.

1. Sumunod sa tamang paraan ng paggamit ng mga laruan upang maiwasan ang **pinsala.**
2. Maraming sasakyan ang mabilis na dumaraan, kaya delikadong maglaro sa **lansangan.**
3. Mas mabuting maglaro sa lupa upang maiwasan ang **panganib.**

| pinsala | lansangan | panganib |
| --- | --- | --- |
| | | |

✂ - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

| nawala | pagkasira | kapahamakan | ligtas | kalsada |
| --- | --- | --- | --- | --- |

**II. Panuto:** Itala ang mga hudyat sa pag-iisa-isa paglalarawan na ginamit sa binasang babala. Isulat ang sagot sa kuwaderno

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**III. Panata sa Sarili!**

**Panuto:** Sipiin ang panata sa iyong kuwaderno at punan ng mga hinihinging impormasyon upang mabuo ang diwa nito.

*Ako si ___(pangalan)___ ng ___(seksyon)___ ay nangangako sa aking sarili na ______________________________ upang matiyak ko ang kaligtasan ng aking sarili at ng aking kapuwa.*

IV. **Panuto:** Tukuyin ang mga panandang naghuhudyat ng pag-iisa-isa paglalarawan na bubuo sa babala. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| |
|---|
| Dagdag pa rito |
| Isa |
| Tulad ng |
| Bukod pa rito |
| Sa kabuoan |

**Mag-ingat ngayong Tag-init!**

Ibayong pag-iingat ang kailangan ngayong tag-init. _______ sa mga paraan ay ang manatili sa isang lugar na maaliwalas at may sapat na bentilasyon. Kung maaari, iwasan ang paglabas at pag-eehersisyo lalo na sa oras na pinakamainit ang araw. Iwasan ang direktang sikat ng araw.

_______________ ang pag-inom ng tubig ayon sa pangangailangan ng katawan. Panatilihing *hydrated* ang katawan at iwasan ang mga inuming magdudulot ng *dehydration* tulad ng kape at alak.

Makakatulong din ang pagsusuot ng mga *light color* na damit ___________ puti. Makabubuti rin kung ang tela ay manipis o magaan lamang upang maging maaliwas ang pakiramdam.

Gumamit ng payong o sombrero upang maprotektahan ang ulo at balat mula sa matinding sikat ng araw.

__________, kailangan ding alamin ang mga heat advisory. Pakinggan ang mga abiso tungkol sa h*eat warnings* upang malaman kung kailan higit na kailangan ang pag-iingat laban sa matinding init.

Huwag isawalang bahala ang nararamdam lalo na ang mga sintomas ng *heatstroke* tulad ng pagkahilo, pagsusuka, o pamumula ng balat, magpatingin agad sa doktor o humingi ng tulong.

____________, ang pag-iingat ay mahalaga para maging ligtas ngayong tag-init!

## IKALAWANG ARAW

## Ulat Panahon

Ang mga lalawigan ng Zambales, Bataan at Mindoro ay makararanas ng maulap na papawirin na dagdag pa ang katamtaman hanggang sa kung minsan ay malakas na pag-ulan at pagkidlat-pagkulog na maaaring magdulot ng mga pagbaha at pagguho ng lupa.

Ang Metro Manila, La Union, Pangasinan, CALABARZON, kabilang ang nalalabing bahagi ng Gitnang Luzon at ng MIMAROPA, Kabikulan, Kabisayaan at gayundin ang Zamboanga Peninsula ay magkakaroon ng maulap na kalangitan na may mahina hanggang sa katamtamang pag-ulan at pagkidlat-pagkulog.

Ang nalalabing bahagi ng bansa ay magiging bahagyang maulap hanggang sa maulap na may pulu-pulong pag-ulan o pagkidlat-pagkulog.

Katamtaman hanggang sa malakas na hangin mula sa timog-kanluran hanggang kanluran ang iiral sa Gitna at Katimugang Luzon at mula naman sa hilagang-silangan hanggang hilagang-kanluran sa natitirang bahagi ng Luzon at ang baybaying dagat sa mga lugar na ito ay magiging katamtaman hanggang sa maalon.

Sa ibang dako, ang hangin ay magiging mahina hanggang sa katamtaman mula sa timog-kanluran na may banayad hanggang sa katamtamang pag-alon ng karagatan.

Ang araw ay sisikat 5:45 ng umaga at lulubog 5:54 ng gabi.

**I. Panuto:** Piliin sa kahon ang kasingkahulugan ng mga salita.

| | | |
|---|---|---|
| mahinahon | magaganap | natitirang |

1. Ang Metro Manila, La Union, Pangasinan, CALABARZON, kabilang ang **nalalabing** bahagi ng Gitnang Luzon at ng MIMAROPA, Kabikulan, Kabisayaan at gayundin ang Zamboanga Peninsula ay magkakaroon ng maulap na kalangitan

2. Katamtaman hanggang sa malakas na hangin mula sa timog-kanluran hanggang kanluran ang **iiral** sa Gitna

3. Sa ibang dako, ang hangin ay magiging mahina hanggang sa katamtaman mula sa timog-kanluran na may **banayad** hanggang sa katamtamang pag-alon ng karagatan.

**II. Panuto:** Itala ang mga hudyat sa pag-iisa-isa paglalarawan na ginamit sa binasang babala. Isulat ang sagot sa kuwaderno

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**III. Panuto:** Salungguhitan ang mga panandang naghuhudyat ng pag-iisa-isa -paglalarawan na ginamit sa ulat-panahon.

Patuloy na uulanin ang malaking bahagi ng bansa dahil sa pinalakas na southwest monsoon o habagat, ayon sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) nitong Linggo.

Sa datos ng PAGASA kaninang madaling araw ay pinalakas ng dumaang bagyo ang habagat na magdudulot ng pag-ulan sa bansa tulad ng dadanasin sa kalakhang Maynila.

Dahil sa pinalakas na habagat, uulanin ang malaking bahagi ng Zambales, kasama rito ang Bataan, Occidental Mindoro, kabilang din ang hilagang bahagi ng Palawan.

Kalat-kalat na pag-ulan naman ang mararanasan sa Western Visayas, La Union, Pangasinan, Tarlac, Pampanga at Benguet. Gayundin naman ang mararanasan sa ilang bahagi ng Bulacan, Batangas, Cavite at mga natitirang bahagi ng MIMAROPA.

Posible rin ang pagbaha bukod pa ang pagguho ng lupa tuwing magkakaroon ng katamtaman hanggang sa malakas na pag-ulan.

Samantala, magpapatuloy ang pagbuhos ng ulan bansa hanggang umiiral ang habagat.

## IKATLONG ARAW

## Patalastas

Ang ating paaralan ay magsusulong ng isang malinis na kapaligiran para sa mga mag-aaral, guro, mga empleyado, at komunidad.

Kaya, hinihikayat ang kooperasyon ng bawat isa na isabuhay ang polisiya sa wastong segregasyon ng basura.

Upang maisakatuparan ito, **una,** inaasahan na ang lahat ng silid ay magkaroon ng tatlong basurahan—nabubulok, di-nabubulok at mga bote. Bawat *hallway* ay magkakaroon din ng *segregated bins*. **Sunod**, inaatasan ang bawat isa na isagawa ang tamang segregasyon ng basura. **Pagkatapos,** bago umuwi ang mga basurang ito ay ibababa sa ating *waste facility* at itatapon nang naayon sa uri nito.

Upang matiyak ang wastong paghihiwa-hiwalay ng mga basura ay magtatakda ng *utility* na magsasala ng mga basura araw-araw o ayon sa pangangailangan.

Sama-sama tungo sa maayos at malinis na kapaligiran!

**I. Panuto**: Isulat ang kasalungat ng mga salitang sinalungguhitan sa pamamagitan ng pagpupuno sa nawawalang letra.

1. Ang ating paaralan ay magsusulong ng isang <u>malinis</u> na kapaligiran para sa mga mag-aaral, guro, mga empleyado, at komunidad.

   _ _ r _ m _

2. Upang matiyak ang wastong <u>paghihiwa-hiwalay</u> ng mga basura ay magtatakda ng *utility* na magsasala ng mga basura araw-araw o ayon sa pangangailangan.

   p _ _ s _ s _ _ a- s_ _ a

3. Sama-sama tungo sa <u>maayos</u> at malinis na kapaligiran!

   _ a g _ _ o

**II. Panuto:** Itala ang mga hudyat sa pag-iisa-isa paglalarawan na ginamit sa binasang babala. Isulat ang sagot sa kuwaderno

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**III. Panuto:** Tukuyin ang mga panandang naghuhudyat ng pagsusunod-sunod sa patalastas. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

**Patalastas**

Lubos na pinag-iingat ang bawat isa sa pagdating ng malakas na bagyo sa ating bansa mamayang ika-7 ng gabi.

Dahil dito, hinihikayat na isagawa ang mga sumusunod:

Una, ihanda ang *first aid kits* at mag-imbak ng pagkain.

Ikalawa, maging *updated* sa lagay ng panahon

Ikatlo, maghanda ng plano para sa paglikas at isagawa ito kung kinakailangan

# IKAAPAT NA ARAW

## Balitang Pangkalikasan

**Kalidad ng hangin sa Metro Manila, mataas level ng polusyon – DENR**

Matapos ang selebrasyon ng Bagong Taon, marumi, mahina ang kalidad at mataas ang level ng polusyon ng hanging sumalubong sa Metro Manila sa unang araw ng 2024.

Ito ang ipinalabas na data ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) kung saan ang maruming usok na bumalot sa himpapawid ay sanhi ng mga fireworks at paputok na ginamit ng mga tao sa pagsalubong sa Bagong Taon na tradisyunal ng mga itong ginagawa.

Maging ang kalidad ng hangin sa mga lungsod ng Pateros at Makati ay 'unhealthy for sensitive groups'at 'very unhealthy. Samantala katamtaman lamang umano sa Taguig City, San Juan, Pasig at Caloocan City.

Hindi naman naitala ang kalidad ng hangin sa iba pang lugar sa Metro Manila habang wala namang istasyon ng monitoring sa Quezon City at Valenzuela City.

Base pa sa data sa website ng DENR, umabot sa AQI value ng 1,000 na may 'emergency status' ang kalidad ng hangin sa mga lungsod ng Makati, Pasig gayundin sa Pateros sa nakolektang 2.5 micrometers PM (Particles Monitoring) ng mga nakolektang particles sa kanilang monitoring stations.

Samantalang marami pang lugar sa Metro Manila ang mahina rin ang kalidad ng hangin na nasa 'acutely unhealthy' sa level ng polusyon, ayon pa sa DENR.

**I. Panuto:** Tukuyin ang kasalungat ng mga salita. Gamitin ito sa makabuluhang pangungusap.

marumi ________

mahina ________

mataas ________

**II. Panuto:** Isulat sa kuwaderno ang mga panandang naghuhudyat ng pagsusunod-sunod na ginamit sa teksto ukol sa kalikasan.

**Kaalamang Pangkalikasan!**

Ang Earth Day ay ipinagdiriwang natin tuwing ika-22 ng Abril upang ipaalala ang pangangailangan na protektahan ang ating kalikasan mula sa pagkasira. Narito ang ilan sa mga dahilan ng pagkasira ng ating kalikasan. Unang dahilan ng pagkasira ng kalikasan ay ang mga mapanirang aktibidad na nagdudulot ng polusyon. Ikalawang dahilan ay ang patuloy na pagsasagawa ng mga ilegal na gawain tulad ng pagmimina at pagtotroso na nagiging sanhi ng pagkalbo ng mga kagubatan, pagbaha at lalong pag-init ng ating planeta.

Kaya naman, mahalaga na magampanan natin ang ating tungkulin at matiyak ang pangangalaga sa kalikasan.

Sa huli, kinakailangan natin magsagawa ng aksyon upang matiyak na makikinabang ang mga susunod na henerasyon mula sa kagandahan ng kalikasan.